

# Miracles

## IPAKILALA SIYA

# Miracles

IPAKILALA SIYA

EVERY NATION

© 2023 ng Every Nation Churches & Ministries.

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Sonny Oaman

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation. Ang mga sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Dios (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

**EveryNation.org/Fasting   #ENfast2023**

# Nilalaman

Paghahanda sa Pag-aayuno ........ 2

Ang Aking Plano ........ 6

Panimula: Ang Layunin ng mga Himala ........ 16

Unang Araw: Pentecostes ........ 21

Ikalawang Araw: Paggaling ........ 26

Ikatlong Araw: Probisyon ........ 31

Ikaapat na Araw: Paggabay ........ 36

Ikalimang Araw: Paglaya ........ 41

Pagtatapos: Proteksyon ........ 46

# Paghahanda sa Pag-aayuno

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at mga *campus ministry* ng Every Nation ang bawat taon sa limang araw na pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> [1]Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. [2]Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. **Mateo 4:1—2**
>
> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. **Lucas 4:14**

Alam ni Jesus na kakailanganin Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. **Ezra 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang tugon ng Diyos sa ating mga panalangin.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila." **Mga Gawa 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay. **Isaias 58:12**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng PANGINOON ang mga kamangha-manghang bagay."
> **Josue 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga pahina 9–11, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa mga pahina 6–7. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Kumilos**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at ang pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 7.

**PAALALA:** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

# Habang Nag-aayuno

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" **Mateo 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**— Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

> 14 At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong
> ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban.
> 15 At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na
> natin ang hinihiling natin sa kanya. **1 Juan 5:14—15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, at salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Aking Plano

## UNANG ARAW

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKALAWANG ARAW

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKATLONG ARAW

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

### IKAAPAT NA ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

### IKALIMANG ARAW

☐ Tubig lang

☐ Sabaw o inumin lang

☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit." **Mateo 18:19**

## Kasama Ko sa Pananalangin:

# Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2022.

# Ngayong 2023, pipiliin kong kilalanin ang Diyos at magtitiwala ako sa Kanya sa mga bahaging ito:

## Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay . . .

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan . . .

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon o Tungkulin . . .

## Aking Paglilingkod

Paglago ng *Victory group* • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral . . .

## Nangangako akong ipapanalangin ko sina . . .

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# Nangangako akong mananalangin para sa . . .

## Aking Iglesya


Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo . . .

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan •
Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa hindi Miyembro ng Iglesya . . .

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal •
Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan . . .



Mga bansa na may Every Nation Church

Mga bansang wala pang Every Nation Church

# Ang Every Nation ay kasalukuyang may gawain sa 80 mga bansa.

**Tinutupad ang tawag ng Diyos na magtatag ng mga iglesya upang maabot ang mga campus sa lahat ng bansa.**

Ipanalangin natin ang mga bansa, unahin ang campus, at kilalanin ang kadakilaan ng ebanghelyo.

**Ipagpatuloy ang pananalangin sa natitirang 115 na mga bansang wala pang iglesya ng Every Nation at maniwalang magbubukas ang Diyos ng mga pinto upang makapagtatag ng marami pang mga iglesya.**

*Ang mga bilang ay hanggang Oktubre 2022.*

Afghanistan
Albania
Algeria
Andorra
Angola
Antigua and Barbuda
Argentina
Azerbaijan
Bahamas
Barbados
Belarus
Belize
Benin
Bosnia and Herzegovina
Bulgaria
Burkina Faso
Cabo Verde
Cameroon
Central African Republic
Chad
Chile
Comoros
Congo
Costa Rica
Cuba
Cyprus
Democratic Republic of the Congo
Denmark
Djibouti
Dominica
Ecuador
Egypt
El Salvador
Equatorial Guinea
Eritrea
Estonia
Ethiopia
Finland
Gambia
Georgia
Greece
Grenada
Guatemala
Guinea
Guinea-Bissau
Guyana
Haiti
Honduras
Hungary
Iceland
Iraq
Israel
Italy
Jamaica
Kenya
Kiribati
Latvia
Lebanon
Lesotho
Liberia
Libya
Liechtenstein
Lithuania
Luxembourg
Macedonia
Madagascar
Mali
Malta
Marshall Islands
Mauritania
Micronesia
Moldova
Monaco
Montenegro
Morocco
Nauru
Niger
North Korea
Norway
Palau
Palestine
Paraguay
Russia
Rwanda
Saint Kitts and Nevis
Saint Lucia
Saint Vincent and the Grenadines
Samoa
San Marino
São Tomé and Príncipe
Senegal
Serbia
Seychelles
Sierra Leone
Slovakia
Slovenia
Solomon Islands
Somalia
South Sudan
Sudan
Suriname
Sweden
Switzerland
Syria
Tanzania
Tonga
Trinidad and Tobago
Tunisia
Turkmenistan
Tuvalu
Uruguay
Uzbekistan
Vanuatu
Vatican City
Yemen

# 466 na ang mga naitatag na iglesya sa buong mundo
# 119 ang mga iglesyang aktibong itinatatag

### Ipanalangin na mas marami pang mga iglesya ang maitatag.

> "'Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo.'" **Salmo 2:8**

Ipanalangin ang mga itinatatag nating iglesya habang sila ay nagdidisipulo, tumutugon sa mga pangangailangan ng kanilang komunidad, at nagbabahagi ng magandang balita ng ebanghelyo sa mga bagong siyudad.

### Ipanalangin ang mga bansa at teritoryong ito kung saan may mga iglesyang aktibong itinatatag.

- Armenia
- Australia
- Botswana
- Brazil
- Cambodia
- Canada
- China
- Colombia
- Croatia
- Czech Republic
- France
- Hong Kong
- India
- Indonesia
- Iran
- Kazakhstan
- Malawi
- Malaysia
- Maldives
- Mauritius
- Mexico
- Mozambique
- Netherlands
- New Zealand
- Nicaragua
- Pakistan
- Panama
- Philippines
- Portugal
- Romania
- South Africa
- Taiwan
- Tajikistan
- Thailand
- Timor-Leste
- United Arab Emirates
- United Kingdom
- United States of America
- Vietnam
- Zambia

*Ang mga bilang ay hanggang Oktubre 2022.*

# 1,074 ang mga matatatag na campus at outreach

### Isang pangitain na maabot ang buong mundo sa pamamagitan ng mga campus ng unibersidad.

> "Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani." **Mateo 9:38**

Nagtatatag tayo ng mga iglesya na aabot sa mga campus dahil matatag tayong naniniwala na kapag nabago natin ang campus, sa huli, mababago natin ang mga pamilya, ang bansa, at ang buong mundo. Ang *campus ministry* ay isang dedikasyong ipahayag ang ebanghelyo sa mga mag-aaral sa unibersidad, sa kanilang campus. Ito ay isang tawag na maglingkod, gumawa ng pagbabago, pumunta sa iba't ibang lugar.

### Ipanalangin:

- Na ang mga bagong estudyante ay maabot ng ebanghelyo ngayong taon
- Na magkaroon ng karunungan ang mga *campus missionary* at ang mga iglesya habang nangangaral at nagdidisipulo sila ng mga estudyante sa kolehiyo
- Na pahintulutan ng mga *university faculty* ang ating gawain upang maabot ang mga estudyante
- Na magbukas ang mga pagkakataon para sa gawain sa mga bagong campus




## Ipanalangin ang 2023 *Go Conference.*

Ngayong 2023, ang mga lider ng Every Nation mula sa lahat ng bahagi ng mundo ay magkikita-kita sa Cape Town, South Africa, para sa *Go Conference* na ginaganap kada-tatlong taon. Ito ay magiging panahon ng pagdiriwang at pagsasanay. Pinananabikan naming makita ang gagawin ng Diyos sa pagsasama-sama natin nang may pananampalataya upang makapagtatag ng marami pang iglesya para maabot ang campus.

Puntahan ang **everynation.org/go2023** para sa karagdagang impormasyon.



*PANIMULA:*

# Ang Layunin ng mga Himala

### Mga Gawa 1:5–8

> 5“Nagbautismo si Juan sa tubig, ngunit makalipas lang ang ilang araw ay
> babautismuhan kayo sa Banal na Espiritu.” 6Minsan nang nagtitipon sila,
> tinanong nila si Jesus, “Panginoon, ito na po ba ang panahon na ibabalik
> ninyo ang kaharian ng Israel?” 7Sumagot si Jesus, “Hindi pinahihintulutan ng
> Ama na malaman ninyo kung kailan mangyayari ang mga bagay na itinakda
> niya. 8Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo
> ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin,
> mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa
> buong mundo.”

## Karagdagang Babasahin:

### Mateo 28:16–20; Jeremias 32:27; Lucas 18:27

Madalas na itinuturing ang Mga Gawa 1:6–11 bilang pangkalahatang kaisipan ng aklat ng Mga Gawa, na nagpapakilala sa mga susunod pang paksa sa aklat. Ang mga tema sa talatang ito ay nagpapatuloy sa buong aklat ng Mga Gawa—ang Banal na Espiritu ay magbibigay ng kapangyarihan, mamumuno, at gagabay sa mga mamamayan ng Diyos sa pagsulong nila ng Kanyang kaharian. Sa Mateo 28, ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang dakilang utos na puntahan "ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod" Niya, at sa Mga Gawa 1:8, ibinigay Niya sa kanila ang kapangyarihang kailangan nila upang matupad ang misyong ito.

Sa kabuuan ng Lumang Tipan, dumarating sa mga tao ang Espiritu ng Diyos sa isang partikular na panahon upang gumawa ng mga himala at pagkatapos nito'y lumilisan din. Ngunit matapos ang himala ng muling pagkabuhay ni Cristo sa Bagong Tipan, ang Espiritu ay ibinigay upang manatili kasama ang mga mamamayan ng Diyos. Ipinadala Siya upang manatiling kasama natin.

Sa pamamagitan ng kaloob na Banal na Espiritu, binigyan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan upang maging mga patotoo Niya at mamuhay sa paraang nagbibigay karangalan sa Kanya.

Ang mga kwentong nakikita natin sa aklat ng Mga Gawa ay mayroong tanda ng mga himala. Ang kahulugan ng salitang himala ayon sa diksiyonaryong *Merriam-Webster* ay "pamamagitan ng langit sa kalagayan ng mga tao" (Isinalin sa Filipino). Hanggang ngayon, namamagitan pa rin ang Diyos, at ginagawa Niyang himala ang mga ordinaryong sandali. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan, upang maramdaman ang pagmamahal Niya para sa Kanyang mamamayan, sa pamamagitan ng Kanyang mamamayan, at para sa mundo.

Ang mga himala ay laging may kaugnayan sa misyon sa unang kabanata ng Mga Gawa—na tayo ay magiging mga saksi ng Diyos, ng Kanyang kabutihan, at ng Kanyang kapangyarihan. Gumagawa ang Diyos ng mga himala upang Siya'y makilala at maipakilala natin sa iba.

**Mayroon bang pagkakataong namagitan ang Diyos sa buhay mo?**

**Maglaan ng panahon upang manalangin at magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan.**

# Hakbang ng Pananampalataya

**Sumulat ng ilang praktikal na paraan kung paano ka magiging isang patotoo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.**



Ama namin sa langit, nagpapasalamat kami sa Iyong pagdating sa nasira naming mundo upang tuluyang baguhin ang aming kalagayan. Ang Iyong salita ay puno ng mga himalang nagpapakita ng Iyong pag-ibig, kapangyarihan, at kabutihan. Ipinapanalangin kong nawa ay buksan Mo ang aking puso upang tunay na maniwalang magagawa Mo ang lahat ng bagay. Ikaw ay pinakamakapangyarihan, mabuti, at karapat-dapat purihin, at handa akong makita Kang kumilos sa buhay ko at sa pamamagitan ng buhay ko. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*





*UNANG ARAW:*

# Pentecostes

## Mga Gawa 2:1–8, 14

[1]Pagdating ng araw ng pista na tinatawag na Pentecostes, nagtipon ang lahat
ng mananampalataya sa isang bahay. [2]Habang nagtitipon sila, bigla na
lang silang nakarinig ng ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na
hangin. At puro ugong na lang ang kanilang narinig sa bahay na kanilang
pinagtitipunan. [3]Pagkatapos, may nakita silang mga ningas ng apoy na parang
mga dila na kumalat at dumapo sa bawat isa sa kanila. [4]Napuspos silang
lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila
natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang
makapagsalita nang ganoon. [5]Nang panahon ding iyon, doon sa Jerusalem
ay may mga relihiyosong Judio na nanggaling sa iba't ibang bansa sa buong
mundo. [6]Pagkarinig nila sa ugong na iyon, nagmadali silang pumunta sa
pinagtitipunan ng mga mananampalataya. Namangha sila dahil narinig nilang
sinasalita ng mga mananampalataya ang kani-kanilang wika. [7]Sinabi nila, "Aba,
hindi ba't mga taga-Galilea silang lahat? [8]Bakit sila nakakapagsalita ng sarili
nating wika?"

[14]Kaya tumayo si Pedro kasama ang 11 apostol, at nagsalita nang malakas,
"Mga kababayan kong mga Judio, at kayong lahat na nakatira sa Jerusalem,
makinig kayo sa akin, dahil ipapaliwanag ko kung ano ang ibig sabihin ng mga
nangyayaring ito."

## Karagdagang Babasahin:

### Mga Gawa 2:9–41; Exodus 4:10–12; Isaias 52:7; Mga Taga-Roma 10:14–17

Sa tradisyon ng mga Judio, ang Pista ng Pentecostes ay isang panahon upang pasalamatan ang Diyos para sa unang ani ng trigo. Sa Mga Gawa 2, ipinagdiwang ng mga disipulo ang ibang uri ng ani sa Pentecostes: ang ani ng mga taong tumugon sa ebanghelyo.

Sinabihan ni Jesus ang mga disipulo sa Mga Gawa 1 na sila ang magiging saksi Niya sa lahat ng dulo ng mundo at pagdating sa Mga Gawa 2, ibinigay Niya sa kanila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, isang kaloob na kailangan upang matupad nila ang pagtawag na iyon.

Ang Banal na Espiritu ay ang mismong kaloob ng Diyos, na nananahan sa mga mananampalataya at nagbibigay sa kanila ng kakayahan hindi lamang para ipamuhay ang buhay Kristiyano kundi para maging daluyan rin ng mga himala. Bawat himala at kamangha-manghang bagay na ginagawa ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga mananampalataya ay nagdadala sa kanila pabalik sa himala ng buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus.

Pero balikan natin ang Dakilang Utos. Binigyan ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod ng utos na puntahan at gawing tagasunod Niya ang lahat ng lahi. Maaaring mukha itong imposible, ngunit dito tayo umaasa sa kapangyarihan ng Diyos nang may pananampalataya at pagsunod. Binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng kakayahang magawa ang hindi natin kayang gawin. Sa araw ng Pentecostes, natanggap ng mga disipulo ang hindi kapani-paniwalang kaloob na ito.

Ang makikita natin sa simula ng ikalawang kabanata ng aklat ng Mga Gawa ay isang himala—ang pagpuspos ng Banal na Espiritu sa mga disipulo at pagsasalita nila sa iba't ibang wika. Nagulat ang mga tao nang marinig nila ang mga "kamangha-manghang ginawa ng Diyos" (Mga Gawa 2:11) sa kani-kanilang wika. Maraming tao ang nagsimulang magtipon-tipon at kahit may mga nagdududa sa nangyayari, binigyan ng Diyos si Pedro ng kakayahang mangaral nang may kahusayan, at sa pangangaral na ito, 3,000 na tao ang nagsisi at tumanggap sa ebanghelyo!

Ang kaloob ding ito—ang pagpupuspos at pagbibigay ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu—ay nakalaan pa rin sa atin ngayon. Ngunit ang kaloob na ito ay hindi lamang para sa atin. Ito ay para makilala ng buong mundo ang nag-iisang tunay na Diyos. Binigyan Niya tayo ng kakayahan upang ipahayag ang Kanyang ebanghelyo nang may katiyakan at katapangan.

Maaaring maramdaman natin na hindi tayo handa o karapat-dapat para sa pagsasagawa ng Dakilang Utos, ngunit hindi ibinigay sa atin ng Diyos ang misyong ito nang walang Tagatulong, ang Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng kaloob na ito, maaari tayong gamitin ng Diyos sa mga paraang kamangha-mangha para maisulong ang Kanyang kaharian.

**Nagkaroon ka na ba ng personal na ugnayan sa Banal na Espiritu? Kailan ang huling pagkakataon na muli kang pinuspos ng Diyos ng Kanyang Espiritu?**

**Maaari tayong umasa sa kaloob ng Banal na Espiritu. Paano mababago ng katotohanang ito ang pananaw mo tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo?**

# Hakbang ng Pananampalataya

**Intensyonal na makipag-usap sa isang tao tungkol sa ebanghelyo at magtiwalang tutulungan ka ng Banal na Espiritu na magsalita nang may katapangan at kaliwanagan.**



Aming Diyos, maraming salamat
sa kaloob Mong Banal na Espiritu.
Tinatanggap ko Siya sa aking buhay nang
may pananampalataya at pag-asa. Salamat
sa kapangyarihang maisapamuhay nang
matagumpay ang buhay Kristiyano,
nang may katapangan at katapatan.
Tinatanggap ko ang Iyong pagtawag
na ipahayag ang ebanghelyo sa aking
mga kapitbahay at sa ibang bayan.
Alam kong kasama Kita. Ipakita Mo sa
akin kung paano mamuhay nang may
misyon upang malaman ng iba ang
biyaya at kabutihan ng Iyong ebanghelyo.
Nananalangin ako sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*





*IKALAWANG ARAW:*

# Paggaling

## Mga Gawa 3:1–10

[1]Isang araw, bandang alas tres ng hapon, pumunta si Pedro at si Juan sa
templo. Oras noon ng pananalangin. [2]Sa pintuan ng templo na tinatawag na
"Maganda" ay may isang taong lumpo mula nang ipinanganak. Araw-araw
siyang dinadala roon para humingi ng limos sa mga taong pumapasok sa
templo. [3]Nang makita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo, humingi
siya ng limos. [4]Tinitigan siya nina Pedro at Juan. Pagkatapos, sinabi ni
Pedro sa kanya, "Tumingin ka sa amin." [5]Tumingin ang lalaki sa kanila na
naghihintay na malimusan. [6]Pero sinabi ni Pedro sa kanya, "Wala akong pera.
Ngunit may ibibigay ako sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret,
lumakad ka!" [7]At hinawakan ni Pedro ang kanang kamay nito at pinatayo siya.
Biglang lumakas ang kanyang mga paa at bukong-bukong. [8]Tumayo siya agad
at lumakad-lakad. Pagkatapos, sumama siya kina Pedro at Juan sa templo.
Palakad-lakad at patalon-talon siyang nagpupuri sa Diyos. [9]Nakita ng lahat
na lumalakad siya at nagpupuri sa Diyos. [10]Napansin nila na siya pala ang
taong palaging nakaupo at humihingi ng limos doon sa pintuan ng templo na
tinatawag na "Maganda." Kaya lubos ang kanilang pagkamangha sa nangyari
sa kanya.

## Karagdagang Babasahin:

### Lucas 5:17–26; Santiago 5:14–15; Jeremias 17:14

Kapag nababasa natin ang mga talatang tulad nito sa Kasulatan, madaling maunawaan ang kalagayan ng mga disipulo, pero paano nagbabago ang kwento kung babasahin na natin ito sa pananaw ng pulubi?

Ilang taon siyang binubuhat ng ibang tao papunta sa pintuan ng templo upang manlimos. Dahil hindi siya makapagtrabaho, ito lamang ang paraan niya para mabuhay. Noong panahong iyon, pinagbabawalan ng batas ang sinumang "marumi" na pumasok sa templo. Hindi na siya lumalagpas sa pintuan.

Isipin mo na lamang kung ano ang magiging pananaw mo sa Diyos kung ito ang iyong realidad. *Totoo bang may Diyos? Nakikita ba Niya ako? May pakialam ba Siya sa akin? Mababago ba Niya ang kalagayan ko kung gugustuhin Niya?* Para sa lumpong lalaki, pare-pareho lang ang mga araw na lumilipas. Pero dahil sa isang pagtatagpo, nagbago ang lahat.

"Tingnan mo kami," narinig niya sina Pedro at Juan na kinakausap siya. Malamang ay naisip niyang magbibigay sila ng limos, pero ang hindi niya alam, higit pa rito ang matatanggap niya. Sinabi ni Pedro sa kanya, "Wala akong pera. Ngunit may ibibigay ako sa iyo: Sa pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, lumakad ka!" (Mga Gawa 3:6)

Sa pamamagitan ng interbensyon ng Diyos, gumaling siya! Pero higit pa sa pagpapagaling ng katawan ang ginawa ng sandaling ito ng himala.

Ang pisikal na paggaling niya ang nagbigay sa kanya ng kakayahang tumalon at magpuri at makapasok sa loob ng templo na hindi niya napupuntahan dati. Higit pa rito, nakita niya at ng iba pa na hindi lamang makapangyarihan ang Diyos, kundi mabuti rin Siya. Hindi Niya nalilimutan ang Kanyang mga anak. Pumasok Siya sa ating realidad upang dalhin ang langit sa lupa.

Ang mga nakakakilala sa pulubi at nakasaksi ng himala ay namangha at nagtaka, at umpisa pa lamang ito. Ang tagpong ito ang nagbukas ng pinto para makapangaral si Pedro sa mas marami pang tao, at sa pamamagitan ng ministeryong ito, ayon sa Mga Gawa 4:4 higit pa sa 5,000 na tao ang naniwala.

Gaya ng nakikita natin sa kwentong ito, ang bunga ng himala ay ang paghahayag ng Diyos ng Kanyang sarili upang makilala ng buong mundo kung sino Siya.

**Balikan ang isang pagkakataon sa buhay mo kung kailan naranasan mo o ng kakilala mo ang mahimalang pagpapagaling mula sa Diyos.**

**Ano ang mga pumipigil sa iyo na ipanalangin ang pisikal na paggaling ng ibang tao?**

# Hakbang ng Pananampalataya

**Isulat ang pangalan ng mga taong kilala mo na nangangailangan ng pisikal na paggaling at ipanalangin sila. Kung sinasabihan ka ng Diyos na gawin ito, tawagan mo sila at ipanalangin.**



Panginoon, naniniwala akong Ikaw ang Tagapagpagaling ko. Mabuti Ka at kaya Mong pagalingin ang aking karamdaman, sakit, hinanakit, at sugat. Buksan Mo ang aking mga mata upang makita ko ang mga tao sa paligid na nangangailangan sa Iyo. Pagkalooban Mo ako ng pananampalataya upang buong tapang kong maipanalangin ang paggaling nila. Dalangin kong maparangalan Ka at makita ng buong mundo ang Iyong kabutihan at kapangyarihan. Sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*





*IKATLONG ARAW:*

# Probisyon

## Mga Gawa 4:32–37

32 Nagkaisa ang mga mananampalataya sa damdamin at isipan. Itinuring ng
bawat isa na ang kanilang mga ari-arian ay hindi lang para sa kanilang sarili
kundi para sa lahat. 33 Patuloy ang paggawa ng mga apostol ng mga kamangha-
manghang gawa bilang patunay na ang Panginoong Jesus ay talagang nabuhay
muli. At lubusang pinagpala ng Diyos ang lahat ng mga mananampalataya.
34 Hindi sila nagkulang sa kanilang pangangailangan dahil ipinagbili ng
mga may kaya ang kanilang mga lupa't bahay, 35 at ang pera'y ibinigay nila
sa mga apostol. At ibinigay naman ito ng mga apostol sa bawat isa ayon sa
kanilang pangangailangan. 36 Ganyan din ang ginawa ng Levitang si Jose na
taga-Cyprus. Tinatawag siya ng mga apostol na Bernabe, na ang ibig sabihin ay
"Tagapagpalakas ng Loob." 37 Ibinenta ni Jose ang kanyang lupa at ang pera'y
ibinigay niya sa mga apostol.

## Karagdagang Babasahin:

**Lucas 12:22–31; Exodus 16:4–16; Mga Taga-Filipos 4:18–19; 2 Corinto 9:6–8**

Maraming himala tungkol sa probisyon ng Diyos sa mga pahina ng Kasulatan, mula sa manna sa ilang (Exodus 16:15) hanggang sa barya sa bibig ng isda (Mateo 17:27). Sa katunayan, tinuruan tayo ni Jesus na manalangin at umasa sa Diyos para sa ating pang-araw-araw na pangangailangan (Lucas 11:3).

Kapag tayo ay talagang naniniwalang ang Diyos ang nagtutustos ng ating mga pangangailangan, hindi natin panghahawakan ang ating yaman.

Habang tayo ay lumalago bilang mananampalataya, nagbabago rin ang pagkaunawa natin sa ating mga ari-arian. Sa halip na tingnan ang anumang mayroon tayo bilang mga bagay na ating pinagpaguran o karapat-dapat para sa atin, makikita natin ang mga ito bilang mga pagmamay-ari at kayamanang ipinagkaloob ng Diyos na dapat nating pangalagaan. Tinutugunan Niya ang ating pangangailangan upang tayo ay maging mga pagpapala sa iba at matulungan natin sila sa kanilang pangangailangan. Ang ipinagkaloob sa akin ng Diyos ay hindi lamang para sa akin kundi para sa kabutihan ng mga kapatiran sa paligid ko, ang pamilya ng Diyos.

Sa isang pamilya, halos lahat ng bagay ay para sa lahat. Malamang ay hindi mo ipinapahiram ang sipilyo o medyas mo, pero bihira ang pagkakaroon ng isang kapatid na nagmamay-ari ng sofa habang ang isa naman ay nagmamay-ari ng upuan o ang mga magulang na pinagsasabihan ang kanilang mga anak na magpaalam muna bago gumamit ng hapag kainan. Mayroong mga gamit na pagmamay-ari ng lahat, gaya ng ipinakita ng mga mananampalataya sa Mga Gawa 4.

Ang himala sa talatang ito, na nagsasabing walang "nagkulang sa kanilang pangangailangan," (Mga Gawa 4:34), ay parang hindi naman nakakagulat. Walang malakas na ihip ng hangin, walang anghel, walang pagyanig sa lugar kung saan sila nagkikita-kita, pero sa isang banda, iyon mismo ang mga dahilan kung bakit ito kamangha-mangha. Ang pagiging mapagbigay nila ay umangat sa kulturang ginagalawan nila—sa isang lungsod kung saan hindi karaniwan ang pagtulong sa iba, ang kanilang pagbibigay ay isang makapangyarihang pagpapakita ng hindi pangkaraniwang pagmamahal at probisyon ng Diyos.

Ang bawat isa sa atin ay maaaring makaranas ng ganitong sitwasyon kung tayo ay mamumuhay nang puspos ng Espiritu. Ang bunga ng biyaya ng Diyos na "nasa iyo" (Mga Gawa 4:33) ay radikal na pagbibigay. Pagkakalooban tayo ng Diyos gamit ang higit pa sa karaniwang paraan para sa ating pangangailangan, para sa pangangailangan ng iba, at para isulong ang Kanyang kaharian.

**Mayroon bang panahon kung kailan mapaghimalang ipinagkaloob ng Diyos ang pangangailangan mo? Ano ang iyong naging karanasan dito?**

**Paano magbabago ang pamumuhay mo kung buo ang iyong tiwala na ipagkakaloob sa iyo ng Diyos ang lahat ng kailangan mo?**

# Hakbang ng Pananampalataya

**May kilala ka bang nasa mahirap na sitwasyon ngayon at may pangangailangan? Hingin sa Diyos kung paano ka magiging bahagi ng mapaghimala Niyang pagbibigay ng probisyon para sa taong ito.**



Jesus, Ikaw ang pinakadakilang kaloob sa buong kasaysayan: isang Tagapagligtas kapag kami ay walang lakas na iligtas ang aming mga sarili. Palakasin Mo ang aking pagtitiwala na ipagkakaloob Mo ang lahat ng pangangailangan sa lahat ng bahagi ng buhay ko. Pinagpapala Mo ako upang maging pagpapala rin ako sa iba at maipakita sa kanila ang Iyong biyaya. Ipinapanalangin ko na maipahayag ang kaluwalhatian Mo habang patuloy ang mapaghimalang pagkakaloob Mo para sa akin at sa pamamagitan ko.

*AMEN.*





*IKAAPAT NA ARAW:*

# Paggabay

**Mga Gawa 8:26–31; 34–39**

26 May isang anghel ng Panginoon na nagsabi kay Felipe, “Pumunta ka agad
sa timog, at sundan mo ang daan na mula sa Jerusalem papuntang Gaza.”
(Ang daang iyon ay bihira na lang daanan.) 27 Kaya umalis si Felipe, at doon
ay nakita niya ang taong taga-Etiopia. Pauwi na ito galing sa Jerusalem kung
saan siya sumamba sa Diyos. Mataas ang kanyang tungkulin dahil siya ang
pinagkakatiwalaan ng kayamanan ng Candace. (Ang Candace ay reyna ng
Etiopia.) 28 Nakasakay siya sa kanyang karwahe at nagbabasa ng aklat ni Propeta
Isaias. 29 Sinabi ng Banal na Espiritu kay Felipe, “Puntahan mo at makisabay ka
sa kanyang karwahe.” 30 Kaya tumakbo si Felipe at inabutan niya ang karwahe.
Narinig niyang nagbabasa ang opisyal ng aklat ni Propeta Isaias. Tinanong siya
ni Felipe kung nauunawaan niya ang kanyang binabasa. 31 Sumagot ang opisyal,
“Hindi nga eh! Paano ko mauunawaan kung wala namang magpapaliwanag sa
akin?” Inanyayahan niya si Felipe na sumakay sa kanyang karwahe at tumabi
sa kanya.

34 Sinabe ng opisyal kay Felipe, “Sabihin mo sa akin kung sino ang tinutukoy
ng propeta, ang sarili ba niya o ibang tao?” 35 Kaya simula sa bahaging iyon ng
Kasulatan, ipinaliwanag sa kanya ni Felipe ang Magandang Balita tungkol
kay Jesus. 36 Habang nagpapatuloy sila sa paglalakbay, nakarating sila sa lugar
na may tubig. Sinabi ng opisyal kay Felipe, “May tubig dito. May dahilan pa
ba para hindi ako mabautismuhan?” 37 Sumagot si Felipe sa kanya, “Maaari ka
nang bautismuhan kung sumasampalataya ka nang buong puso.” Sumagot
ang opisyal, “Oo, sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos.”
38 Pinahinto ng opisyal ang karwahe at lumusong silang dalawa sa tubig at
binautismuhan siya ni Felipe. 39 Pagkaahon nila sa tubig, bigla na lang kinuha si
Felipe ng Espiritu ng Panginoon. Hindi na siya nakita ng opisyal, pero masaya
siyang nagpatuloy sa kanyang paglalakbay.

## Karagdagang Babasahin:

### Salmo 119:105; Kawikaan 3:5–6; Mga Gawa 9:10–19; Mga Gawa 16:6–10

Sa Mga Gawa 8, si Felipe ay ginamit ng Diyos upang gumawa ng himala at mangaral sa Samaria (vv. 4–25). Nagiging daan ang mga himala, mga kamangha-manghang bagay, at ang ebanghelyo upang magsisi ang mga tao, at malinaw na kumikilos ang Diyos sa mahahalaga't makapangyarihang paraan. Matapos ang matagumpay na ministeryo, maaari nating maisip na gagabayan ng Diyos si Felipe patungo sa isang mas malaking siyudad o mas malaking grupo ng tao, pero hindi ito ang nangyari.

Ginabayan ng Diyos si Felipe sa isang landas na nakahiwalay sa iba at hindi masyadong dinadaanan ng ibang mga manlalakbay. Gaya ng natutunan natin sa ika-26 na talata, disyertong lugar ang Gaza.

Kakagaling lamang ni Felipe sa isang makapangyarihang tagpo sa Samaria at para sa kasunod na misyon, ipinadala siya sa isang hindi kilalang daan patungo sa isang disyertong lugar. Mukhang wala itong saysay, pero ang paggabay ng Diyos ay higit pa sa kayang maunawaan ng pangangatwiran ng tao. Nang magpasya si Felipe na sumunod sa Kanyang pamumuno, ginabayan siya ng Diyos sa isang daang higit pa sa anumang mapaplano niya para sa kanyang sarili.

Halos lahat ng tao ay gumagawa ng malalaki't maliliit na desisyon araw-araw. Ano kaya ang mabubuong larawan kung tatanungin mo ang walang hanggang Diyos kung ano ang mga plano Niya sa iyong buhay? Saan ka kaya Niya ipadadala? Sino kaya ang makikilala mo, at ano kaya ang maipatutupad Niya sa pamamagitan mo?

Sa kwentong ito, ginabayan ng Diyos si Felipe palayo sa maraming tao upang maabot ang isa. Hindi lamang niya nakatagpo sa disyertong ito ang isang mataas na opisyal sa korte, binigyan din siya ng Diyos ng karunungan upang maipaliwanag ang Kasulatan. Ang Diyos—ang Alpha at Omega na nakakaalam ng lahat—ang gumagabay sa atin upang tayo ay maging epektibong saksi sa mga lugar kung saan Niya tayo dadalhin.


Ang opisyal ng korte na taga-Etiopia, isang taong may malawak na impluwensiya, ay naabot ng isang taong hindi inaasahan sa isang hindi rin inaasahang lugar. Sa katunayan, sinasabi sa kasaysayan na dinala niya ang pagkikitang ito sa kanyang pinanggalingan, at nagkaroon ng malaking epekto ang ebanghelyo sa kanyang siyudad at bansa. Ang plano ng Diyos para sa mga buhay natin ay higit

pa sa anumang planong magagawa natin para sa ating sarili. Kung hahayaan natin Siyang pamunuan tayo, aakayin Niya tayo sa mga sitwasyong hindi natin inaasahan para isakatuparan ang mga layunin Niya dito sa lupa.

Sa pamamagitan ng himala ng paggabay, binibigyan tayo ng Diyos ng direksyon at mga salitang kakailanganin nating sabihin.

**Balikan ang isang panahon sa buhay mo kung kailan ginabayan ka ng Diyos sa isang desisyon.**

**Ano ang isang bahagi ng iyong buhay o kasalukuyang sitwasyon na nangangailangan ng paggabay ng Diyos?**



# Hakbang ng Pananampalataya

**Maglaan ng panahon sa pananalangin at tanungin ang Diyos kung mayroon Siyang itinuturong partikular na lugar kung saan mo maibabahagi ang ebanghelyo sa iba.**





Ama sa langit, Ikaw ang Alpha at Omega, ang walang hanggang Diyos na Siyang nagplano ng kasaysayan bago pa man ito nagsimula at nakakaalam ng lahat ng araw ng buhay ko bago pa man ito mangyari. Gabayan Mo ako at bigyan ng lakas ng loob upang mamuhay ayon sa Iyong kagustuhan at tuparin Mo ang Iyong layunin para sa aking buhay. Tulungan Mo akong marinig ang boses Mo at sumunod sa Iyo. Salamat sa Iyong biyaya tuwing ako'y natitisod at sa Iyong salitang nagbibigay ng liwanag sa aking landas. Gabayan Mo ako habang ako'y nabubuhay at tulungan Mo akong mamuhay para sa Iyo. Sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*



*IKALIMANG ARAW:*

# Paglaya

### Mga Gawa 16:25–32

25Nang maghahatinggabi na, nananalangin sina Pablo at Silas at umaawit ng
mga papuri sa Diyos. Nakikinig naman sa kanila ang ibang mga bilanggo.
26Walang anu-ano'y biglang lumindol nang malakas at nayanig ang bilangguan.
Nabuksan ang lahat ng pintuan ng bilangguan at natanggal ang mga kadena
ng lahat ng bilanggo. 27Nagising ang guwardya at nakita niyang bukas ang
mga pintuan. Akala niya'y tumakas na ang mga bilanggo, kaya hinugot niya
ang kanyang espada at magpapakamatay na sana. 28Pero sumigaw si Pablo,
"Huwag kang magpakamatay! Narito kaming lahat!" 29Nagpakuha ng ilaw
ang guwardya at dali-daling pumasok sa loob at nanginginig na lumuhod
sa harapan nina Pablo at Silas. 30Pagkatapos, dinala niya sina Pablo sa labas
at tinanong, "Ano ang dapat kong gawin para maligtas?" 31Sumagot sila,
"Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka at ang iyong pamilya."
32At ipinangaral nina Pablo ang salita ng Diyos sa kanya at sa lahat ng miyembro
ng kanyang pamilya.

## Karagdagang Babasahin:

### Salmo 150:1–6; Mga Taga-Colosas 3:16; Salmo 28: 1–9; Exodus 14:13–22

Nabilanggo sina Pablo at Silas dahil sa pagministeryo nila sa Filipos. Binugbog sila at ipinakulong, kinadena ang mga binti nila sa lapag, at pinaligiran sila ng iba pang mga bilanggo. Dahil wala silang bintana, kahit maaraw sa labas, madilim ang selda sa loob kung saan sila ikinulong, kung kaya't nang malapit nang maghatinggabi, ang naririnig lamang nila ay ang tunog ng mga kadena at posas.

Para sa maraming Kristiyano sa buong mundo ngayon, naroon ang bantang mauusig at makukulong sila dahil sa kanilang pananampalataya. Hindi man maranasan ng iba ang pisikal na pagkabilanggo, nararanasan naman nila ang emosyonal o mental na pagkabilanggo. Lahat tayo ay dumaraan sa mga desperadong panahon na hindi natin malalampasan sa sarili nating kakayahan. Pero sa mga madidilim na panahong ito, kinakatagpo tayo ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng himala.

Nang magpasya sina Pablo at Silas na magtiwala sa Diyos sa kabila ng kanilang pinagdaraanan, natanggal ang mga kadena, pero hindi lamang ito ang nangyari. Dahil sa himalang ito, napalaya rin ang bantay ng kulungan.

Matapos masaksihan ang himalang ito at makitang nasa selda pa rin ang mga bilanggo, tinanong niya, "Ano ang dapat kong gawin para maligtas?" Nakita niya mismo ang kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Walang hanggan ang epekto ng himalang ito sa buhay ng guwardiya at ng kanyang pamilya. May kapangyarihan ang Diyos para bigyan tayo ng pisikal at espirituwal na kalayaan.

Ang kamangha-mangha sa kwentong ito ay kapag ipinagpatuloy natin ang pagbabasa, makikita natin ang dakilang pagkilos ng Diyos para mapalaya sina Pablo at Silas kinaumagahan. Kahit sa pinakaimposibleng sitwasyon, hindi tayo nalilimutan ng Diyos. Gaya ng pagtitiwala nina Pablo at Silas sa Diyos, hindi lamang sila pinalaya sa bilangguan, ginamit pa sila upang maipangaral ang ebanghelyo sa isang buong sambahayan.

**Isipin ang panahong iniligtas ka ng Diyos mula sa isang madilim at desperadong sitwasyon. Maglaan ng panahon upang papurihan ang Diyos at pasalamatan Siya sa paglayang ibinigay Niya.**

**May bahagi ba ng buhay mo kung saan nahihirapan kang magtiwala sa Diyos? Ipanalanging patatatagin Niya ang iyong pananampalataya para maranasan mo ang tagumpay.**

# Hakbang ng Pananampalataya

**Sa talatang ito, sumamba at nanalangin sina Pablo at Silas. Maglaan ng panahon para sa pagsamba at pananalangin habang ipinagdarasal mo ang isang kakilalang may pinagdaraanan na isang desperadong sitwasyon.**



Dakilang Diyos, walang mahirap sa Iyo. Ipinapanalangin ko na maranasan ng mga taong dumaraan sa madidilim na sitwasyon ang ganap na paglaya. Ipinapanalangin ko na mailigtas sila mula sa anumang bumibilanggo sa kanila at dalangin kong makita Ka, ang dakilang tagapagligtas ng mundo, sa pamamagitan ng kanilang mga patotoo. Tinatanggap ko ang kalayaang pinagtagumpayan ni Cristo, at naniniwala akong hawak Mo ang kalayaang espirituwal at natural dito sa lupa. Ito ang aking panalangin, sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*





*PAGTATAPOS:*

# Proteksyon

## Mga Gawa 28:1–9

[1]Nang makaahon na kami at ligtas na sa panganib, nalaman namin na ang
islang iyon ay tinatawag na Malta. [2]Napakabait sa amin ng mga taga-roon
at mabuti ang kanilang pagtanggap sa aming lahat. Nagsiga sila para
makapagpainit kami, dahil umuulan at maginaw. [3]Nanguha si Pablo ng isang
bigkis ng kahoy na panggatong. Pero nang mailagay na niya ang mga kahoy
sa apoy, biglang lumabas ang makamandag na ahas dahil sa init ng apoy, at
tinuklaw ang kanyang kamay. [4]Pagkakita ng mga taga-roon sa ahas na nakabitin
sa kamay ni Pablo, sinabi nila, “Tiyak na kriminal ang taong ito. Nakaligtas
siya sa dagat pero ayaw pumayag ng diyos ng katarungan na mabuhay pa siya.”
[5]Pero ipinagpag lang ni Pablo ang ahas doon sa apoy at hindi siya napano.
[6]Hinihintay ng mga tao na mamaga ang kamay ni Pablo o kaya’y matumba
siya at mamatay. Pero matapos nilang maghintay nang matagal, walang
nangyari kay Pablo. Kaya nagbago ang kanilang iniisip. Sinabi nila, “Isa siyang
diyos!” [7]Ang pangalan ng pinuno ng lugar na iyon ay si Publius. Ang kanyang
lupa ay malapit lang sa lugar kung saan kami umahon. Mabuti ang kanyang
pagtanggap sa amin, at doon kami tumuloy sa kanila sa loob ng tatlong araw.
[8]Nagkataon noon na ang ama ni Publius ay may sakit. May lagnat siya at
disintirya. Kaya pumasok si Pablo sa kanyang silid at nanalangin. Ipinatong
niya ang kanyang kamay sa may sakit at gumaling ito. [9]Dahil sa pangyayaring
iyon, ang lahat ng may sakit sa isla ay pumunta sa amin at pinagaling din sila.

## Karagdagang Babasahin:

### Mga Bilang 21:6–9; Salmo 91:13–15; Daniel 6:1–22

Sa buong linggo ng pagdarasal at pag-aayuno, sinuri natin ang ilang himala sa aklat ng Mga Gawa. Hindi sila nagsisilbing mga palabas kundi mga daan para tuparin ang misyon ng Diyos: upang makilala natin Siya at maipakilala Siya sa iba.

Ngunit kapag namumuhay ka bilang tagasunod ni Jesus sa misyon ng Diyos, tiyak na magkakaroon ng mga pagtutol. Ang himala ng proteksyon ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kaginhawahan at katapangang ipamuhay ang misyon.

Nabasa natin sa Mga Gawa 28 na habang patungo si Pablo sa Roma, nasira ang sinasakyan nilang barko sa isla ng Malta. Nakagat siya ng ahas pero himalang nabuhay pa rin siya. Gaya ng ipinakita sa atin ng bawat himala, intensyonal ang Diyos. Mayroong layunin sa bawat himalang ginagawa Niya. Pinrotektahan Niya si Pablo, pero simula lamang iyon ng mga gagawin Niya sa Malta. Nagpatuloy si Pablo at pinagaling ang ama ni Publius, pagkatapos ay ang mga tao naman mula sa kabilang dako ng isla. Ipinakita niya ang kapangyarihan ng Diyos at ipinangaral ang ebanghelyo.

Hindi nagtatapos ang "pamamagitan ng Diyos sa kalagayan ng mga tao" sa pagprotekta Niya kay Pablo mula sa kagat ng ahas. Dahil sa nangyari, marami pang iba ang nakaranas din ng paggaling na nagbigay kaluwalhatian sa Diyos. Nagpatuloy si Pablo patungong Roma, nagtiwala sa proteksyon ng Diyos at nangaral ng ebanghelyo nang may katapangan at walang hadlang.

Kapag tayo'y namumuhay bilang mga tagasunod ni Jesus, maaari itong tumanggap ng oposisyon, pero inaanyayahan din natin ang proteksyon ng Diyos. Pinoprotektahan tayo ng Diyos mula sa mga pakana ng kaaway katulad ng pagprotekta Niya kay Pablo mula sa kamandag ng ahas. Kasama natin ang Diyos kaya makakapagpatuloy tayo sa pamumuhay para sa Kanya—para makilala at maipakilala Siya.

**Balikan nang may pasasalamat ang panahon kung kailan pinrotektahan ka ng Diyos mula sa isang mapanganib na sitwasyon.**

**Mayroon bang mga bahagi sa iyong buhay kung saan humihingi ka ng himala mula sa Diyos? Maglaan ng oras at magpasalamat sa Diyos sa Kanyang pagmamahal at kapangyarihan.**

# Hakbang ng Pananampalataya

**Sa pagtatapos ng linggong ito ng pananalangin at pag-aayuno, umasa sa banal na interbensyon ng Diyos sa buhay mo habang namumuhay ka upang kilalanin Siya at ipakilala Siya sa iba.**



Aming Diyos salamat at namagitan Ka sa mundong ito gamit ang Iyong mapaghimalang kapangyarihan. Salamat sa regalong ito at sa kalakasang nagmumula sa Iyong Banal na Espiritu. Ikaw ang dakilang tagapagpagaling, tagapagtustos ng pangangailangan, gabay, tagapagpalaya, at proteksyong kailangan ko. Ipinapakita Mo sa akin ang Iyong pag-ibig sa pamamagitan ng Iyong himala—buksan Mo ang aking mga mata upang makita ko ang pagkilos ng Iyong mga kamay. Bigyan Mo ako ng tapang upang maging Iyong saksi sa mundong ito at maipangaral ko ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Salamat at kapiling Kita habang ipinamumuhay ko ang misyon kasama Mo. Sa pangalan ni Jesus,

*AMEN.*



# Miracles

EVERY NATION

Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.

**#ENfast2023**

**EveryNation.org/Fasting**